

**1896**
Naging estado ang Utah.

**1898**
Itinalaga ang unang mga dalaga para maglingkod bilang mga proselyting missionary.





**1900**

**1902**
Inilathala ang unang hanbuk ng Relief Society, na may kasaysayan, mga mensahe, at mga tagubilin.




BATHSHEBA W. SMITH
**1901**

Unang editor, Susa Young Gates.



Ang Relief Society Magazine ay naglaman ng mga diskurso, nagbibigay-inspirasyong kathang-isip at tula, mga talambuhay, at mga artikulong nagbibigay-kaalaman, kabilang na ang buwanang mga lesson plan.






EMMELINE B. WELLS
**1910**

**1914**
Nagsimulang malathala ang Relief Society Magazine. Nagwakas ang paglalathala ng Woman's Exponent.

**1918**
Ang Social Services Department ng Simbahan ang nagpasimula sa LDS Family Services at LDS Humanitarian Services ngayon.

Trigo ng Relief Society na ibinenta sa pamahalaan ng Estados Unidos.

**1921**
Nagtuon ang Relief Society sa pagbabawas ng bilang ng mga sanggol at ina na namamatay.



CLARISSA S. WILLIAMS
**1921**



Upang matulungan ang Utah na makinabang sa Sheppard-Towner Act ng 1921, tumakbo si Amy Brown Lyman para sa House of Representatives ng estado at nanalo noong 1923. Ang mithiin ng Sheppard-Towner Act ay bawasan ang bilang ng mga ina at sanggol na namamatay. Nakipag-ugnayan si Sister Lyman sa pamahalaan tungkol sa mga programa ng Relief Society. Pagsapit ng 1928 nabawasan ng mga pagsisikap na ito nang 19 na porsiyento ang bilang ng mga sanggol na namamatay at ng 8 porsiyento ang bilang ng mga inang namamatay.



LOUISE Y. ROBISON
**1928**

**1930**

Itinatag ang welfare program ng Simbahan noong 1936.




**1936**



Nagpadala ng mga damit, pagkain, benda, at libu-libong quilt na gawa ng kababaihan sa North America at Europe para tulungan ang mga Banal pagkatapos ng digmaan.

**1940**
Tumulong ang mga miyembro ng Relief Society sa pagkakawanggawa noong panahon ng digmaan.



AMY B. LYMAN
**1940**

*Ang*
## Social Services
Department ay itinatag ni Amy Brown Lyman noong 1918 sa kahilingan ng Pangulo ng Simbahan na si Joseph F. Smith (1838–1918). Nagbuo rin si Sister Lyman ng mga kurso para sanayin ang mga miyembro ng Relief Society sa propesyonal na mga pamamaraan ng social work. Noong mga unang taon ng Great Depression, tinulungan ng departamento ang maraming tao at nakipag-ugnayan sila sa mga opisyal ng pamahalaang lokal at federal para mamahagi ng tulong sa mga nangangailangan.

kababaihang nakinita [ni Pangulong Kimball]! . . .

"... Kailangan na[m]in ng kababaihang may matibay na pagkaunawa sa doktrina ni Cristo. . . . Kailangan namin ng kababaihang nakakaalam kung paano magtamo ng lakas na handang ibigay ng Diyos sa mga tumutupad ng tipan. . . . Kailangan namin ng kababaihang may tapang at pag-unawa ng ating Inang si Eva. . . .

"... Nakikiusap ako sa inyo na isakatuparan ang propesiya ni Pangulong Kimball. . . . Kapag ginawa ninyo ito, pag-iibayuhin ng Espiritu Santo ang inyong impluwensya nang higit pa kaysa noon!"[9]

*Sister Reeves:* Lahat tayo ay "mga anak na babae ng [ating] Ama sa Langit, na nagmamahal sa [atin], at mahal [natin] Siya."[10] Sa Relief Society, makikita ninyo na tayo ay mas magkakatulad kaysa magkakaiba. Halimbawa, lahat tayo ay nasa isang mundo na may social media, advertising, at makamundong mga tutularan. Ang kahalagahan ng kababaihan ay binibigyang-kahulugan ng mundo. Ang paghahambing natin sa ating sarili sa nakikita at naririnig natin sa mundo ay magpapadama sa atin na kailangan tayong maging ganito. Higit kailanman, kailangan nating tandaang lahat ngayon na ang ating kahalagahan ay nagmumula sa pagiging anak ng Diyos—hindi mula sa kung ano ang ipinapakita ng mundo na dapat tayong maging. Ang ating lakas ay nagmumula sa kaugnayan natin sa ating Ama sa Langit, sa ating Tagapagligtas, at sa isa't isa bilang mga magkakapatid sa ebanghelyo. Diyan kayo humugot ng lakas.

*Sister Stephens:* Mga kabataang babae, kailangan kayo ng Diyos at kailangan namin kayo. Kayo ay lumalaking henerasyon na isinilang na may lakas na tumayo nang matatag laban sa mga hamon sa mga huling araw na ito. Makiisa sa amin sa pagiging kababaihang nakakaunawa kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, kababaihang gagawa at tutupad ng mga sagradong tipan, at kababaihang makikiisa sa isa't isa at sa mga lider ng priesthood. Isang pagpapala ang maging isang babae, anuman ang edad, sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ngayon. Ibahagi natin ang ating patotoo kung sino tayo at nagiging sino tayo. Ibahagi natin ang ating mga mensahe ng kagalakan, na nakikigalak sa bawat isa!



**5. Bakit mahalaga para sa mga maytaglay ng priesthood at kababaihan ng Relief Society na magkaisa?**

*Sister Burton:* Ang kalalakihan at kababaihan ay magkatuwang ang mga tungkulin. Bawat isa sa atin ay may dalang kakaibang mga kaloob at talento para makatulong sa gawain ng kaharian at mapalakas ang isa't isa. Ang kababaihan ay kalahati ng kamalig ng Panginoon, na mahalaga sa gawain. May hatid tayong isang pananaw at hangaring mag-ambag sa pagtatayo ng kaharian na nagsimula kay Eva, nagpatuloy kina Sarai, Rebeca, Esther, Maria, Elisabet, Emma, Eliza, at iba pang magiging na kababaihan ng huling dispensasyong ito at noong unang panahon.

Sa pag-iisip natin tungkol sa kapangyarihan at impluwensya, ang kapangyarihan ay karaniwang nauugnay sa kapangyarihan ng priesthood. Ngunit ang impluwensya ng isang matwid na babae ay may hatid ding napakalaking kapangyarihan. Ang magagandang katangiang ito na binanggit sa Doktrina at mga Tipan 121:41 na nag-aanyaya sa kapangyarihan ng priesthood ang magagandang katangiang nag-aanyaya sa kapangyarihan ng impluwensya ng isang babae—"paghihikayat," "mahabang pagtitiis," "kahinahunan at kaamuan," at "pag-ibig na hindi pakunwari." Ang mga bagay na ito ay likas sa ating banal na katangian, at naroon ang pagkakataon nating makaimpluwensya sa kabutihan sa nakaantig na paraan.